Republic of the Philippines
Department of Education
Region VII – CENTRAL VISAYAS
**SCHOOLS DIVISION OF BOHOL**

**Office of the Schools Division Superintendent**

April 4, 2021

PANSANGAY NA MEMORANDUM
No. **212** s, 2021

**PANSANGAY NA PAGSASAGAWA NG ORAL READING VERIFICATION TEST (ORVT) SA ASIGNATURANG FILIPINO ANTAS ELEMENTARYA**

**Pansangay na Tagamasid**
**Pandistritong Tagamasid**
**Punong Guro (Elementarya)**
**Sa ibang mga Kinauukulan**

1. Itinagubilin sa tanggapang ito, sa pamumuno ng Curriculum Implementation Division (CID) ang pagkakaroon ng Pansangay na pagsasagawa ng Oral Reading Verification Test sa lahat ng pampublikong paaralang Elementarya sa mga mag-aaral ng baitang 3 -6.
2. Isasagawa ang ORVT sa layuning:
   - Matatasa ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa antas elementarya.
   - Malilikom ang mga datos ukol sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.
   - Mabigyan ng angkop na interbensyon upang maagapan ang kakulangan sa kakayahan ng mga mag-aaral kaugnay sa pagbasa at pag-unawa sa binasa.
   - Ang resulta sa pagsusuri na ito ay gawing batayan sa mga darating na pagsasanay ng mga guro sa Filipino.
3. Ang gawaing ito ay ipapatupad sa buwan ng Abril, 2021 nang naaayon sa tagubiling napagkasunduan sa ginanap na virtual na pagpupulong na dinaluhan ng mga Katumbukan sa Filipino (Elementarya) .
4. Kalakip sa Memorandum na ito ang mga babasahin na gagamitin sa pagsasagawa ng ORVT at ang temp[late na susulatan ng maging resulta sa gawain.
5. Ang kabuuang resulta sa bawat Distrito ay isusumite sa tanggapang ito sa unang lingo sa buwan ng Mayo, 2021.
6. Hinihiling din ang suporta at paggabay ng mga Prinsipal o mga administrador ng paaralan upang maayos na maisatupran ang gawaing ito.
7. Inaasahan ang agarang pagpapatupad at pagpapalaganap sa mensahe ng Memorandum na ito sa lahat ng kinauukulan.

**BIANITO A. DAGATAN EdD., CESO V**
*Schools Division Superintendent*

0050 Lino Chatto Drive Barangay Cogon, Tagbilaran City, Bohol
Tel Nos.: (038) 412-4938; (038) 411-2544 (038) 501-7550
Telefax: (038) 501-7550 email add: deped.bohol@deped.gov.ph

Behold... BOHOL

(Sipi ng Guro)

Para sa Grade 3

"Sabihin ninyo kung ano ang ginagawa ninyo sa bahay tuwing Sabado at Linggo," sabi ni Bb. Moreno. "Tumutulong ba kayo sa Nanay ninyo? Tumutulong ba kayo sa Tatay ninyo?"

"Pumupunta ako sa palengke kasama ng Nanay ko. Ako ang nagdadala ng basket," sabi ni Danilo.

"Pumupunta ako sa palengke kasama ng Tatay ko. Tinutulungan ko siya sa pagtitinda ng bigas," sabi ni Ernesto.

"Naglilinis ako ng bahay," sabi ni Marita.

"Naglilinis ako ng bahay at nag-aalaga sa bunso kong kapatid," sabi ni Susana.

---

1. Tungkol saan ang kuwento?

   A. Saan pumunta ang mga bata

   B. Saan gustong kumain ang mga bata

   C. Ano ang ginagawa ng mga bata sa tahanan

2. Ano ang totoo tungkol kina Susana at Marita?

   A. Tumutulong sila sa paggawa ng mga gawain sa bahay.

   B. Sila ang nagdadala ng basket habang namamalengke ang Nanay.

   C. Pumupunta sila sa palengke kasama ang kanilang Nanay.

3. Ano ang totoo tungkol sa mga bata?

   A. Sila ay mahilig sa paglalaro.

   B. Sila ay matulungin.

   C. Sila ay pumupunta sa simbahan.

Para sa Grade 4

Si Aling Juling ay nakatanggap ng liham. Pagkatapos mabasa ito, tinawag niya si Felipa. Sabi niya, "Linisin mong mabuti ang bahay. Ihanda mo ang higaan. Maglagay ka ng malinis na kumot at unan. Paparating ang Lolo at Lola ninyo."

Pagkatapos, si Aling Juling ay pumunta sa palengke. Bumili siya ng maraming prutas, isda at karne. Masayang-masaya siya habang nagluluto.

"Natitiyak ko na magugustuhan nina Lolo and Lola dito," sabi ni Felipa habang tinutulungan niya ang kanyang ina.

"Anumang oras ay darating na sila," sabi ng ina.

---

1. Tungkol saan ang kuwento?

   A. Pagluluto ng isda

   B. Paghahanda para sa mga bisita

   C. Pagpunta sa palengke

2. Ano ang nakapagpapasaya kay Aling Juling?

   A. Ang malinis na bahay

   B. Ang isda at karne

   C. Ang pagbisita ng Lolo and Lola

3. Matutulog ba ang Lolo at Lola sleep sa bahay ni Aling Juling?

   A. Oo

   B. Hindi

   C. Marahil

Para sa Grade 5

"Ito ay larawan ni Carlito noong siya ay limang taong gulang pa. Siya napakalusog na batang lalaki," sabi ni Aling Rosa habang ipinapakita ang larawan kay Ginang Reyes.

"Noong si Carlito ay nasa Ikalawang Baitang, ay ganito talaga ang anyo niya. Mabait na mabait ang batang iyon," sabi ni Ginang Reyes.

"Mabait pa rin naman siya hanggang ngayon," sabi ni Aling Rosa. Nagyong nasa America na siya, pinapadalhan niya kami ng pera buwan-buwan. Nagtatrabaho siya sa isang malaking ospital."

---

1. Sino ang pinag-uusapan nina Gng. Reyes at Aling Rosa?

    A. Ang mababait na batang lalaki

    B. Malusog na batang lalaki

    C. Si Carlito mula noong bata hanggang ngayon

2. Aling ang totoo tungkol kay Carlito?

    A. Nagtatrabaho siya sa Manila

    B. Nagtatrabaho siya sa America.

    C. Nagtatrabaho siya sa Pilipinas.

3. Ano ang ipinakikita ng kuwento?

    A. Si Carlito ay isang mabuting anak

    B. Si Aling Rosa ay malungkuting ina

    C. Si Ging. Reyes ay matulunging guro

Para sa Grade 6

Kapatutulog lamang ni Nora ng kanyang bunsong kapatid. Nakapagpakulo na rin siya ng tubig. Nakapaglinis na rin siya ng bahay. Napakasaya niya nang paparating na ang kanyang ina!

Ibinaba ng kanyang ina ang basket. May laman itong itlog, saging, isang bote ng patis, at karne.

"Naibenta ko ang lahat na bibingkang dala ko," sabi ng kanyang ina. "Binilhan kita ng magandang bag. Heto. Nagpapakabait ka kasi," sabi ng ina.

"Maraming salamat po, Nanay," sabi ni Nora.

---

1. Ano kaya ang magandang pamagat sa kuwento?

    A. Ang Matulunging Bata

    B. Pagtitinda ng Bibingka

    C. Isang Bote ng Patis

2. Alin ang totoo tungkol kay Nora?

    A. Siya ay mabait na mag-aaral.

    B. Siya ay magaling na mananayaw.

    C. Siya ay mabait na anak.

3. Paano kumita ng pera ang kanyang Nanay?

    A. Nagtitinda siya sa paaralan.

    B. Nagtitinda siya sa malaking tindahan.

    C. Nagtitinda siya sa palengke.

(Sipi para sa mag-aaral)

**Para sa Grade 3**

"Sabihin ninyo kung ano ang ginagawa ninyo sa bahay tuwing Sabado at Linggo," sabi ni Bb. Moreno. "Tumutulong ba kayo sa Nanay ninyo? Tumutulong ba kayo sa Tatay ninyo?"

"Pumupunta ako sa palengke kasama ng Nanay ko. Ako ang nagdadala ng basket," sabi ni Danilo.

"Pumupunta ako sa palengke kasama ng Tatay ko. Tinutulungan ko siya sa pagtitinda ng bigas," sabi ni Ernesto.

"Naglilinis ako ng bahay," sabi ni Marita.

"Naglilinis ako ng bahay at nag-aalaga sa bunso kong kapatid," sabi ni Susana.

Para sa Grade 4

Si Aling Juling ay nakatanggap ng liham. Pagkatapos mabasa ito, tinawag niya si Felipa. Sabi niya, "Linisin mong mabuti ang bahay. Ihanda mo ang higaan. Maglagay ka ng malinis na kumot at unan. Paparating ang Lolo at Lola ninyo."

Pagkatapos, si Aling Juling ay pumunta sa palengke. Bumili siya ng maraming prutas, isda at karne. Masayang-masaya siya habang nagluluto.

"Natitiyak ko na magugustuhan nina Lolo and Lola dito," sabi ni Felipa habang tinutulungan niya ang kanyang ina.

"Anumang oras ay darating na sila," sabi ng ina.

Para sa Grade 5

"Ito ay larawan ni Carlito noong siya ay limang taong gulang pa. Siya napakalusog na batang lalaki," sabi ni Aling Rosa habang ipinapakita ang larawan kay Ginang Reyes.

"Noong si Carlito ay nasa Ikalawang Baitang, ay ganito talaga ang anyo niya. Mabait na mabait ang batang iyon," sabi ni Ginang Reyes.

"Mabait pa rin naman siya hanggang ngayon," sabi ni Aling Rosa. Nagyong nasa America na siya, pinapadalhan niya kami ng pera buwan-buwan. Nagtatrabaho siya sa isang malaking ospital."

---

Para sa Grade 6

Kapatutulog lamang ni Nora ng kanyang bunsong kapatid. Nakapagpakulo na rin siya ng tubig. Nakapaglinis na rin siya ng bahay. Napakasaya niya nang paparating na ang kanyang ina!

Ibinaba ng kanyang ina ang basket. May laman itong itlog, saging, isang bote ng patis, at karne.

“Naibenta ko ang lahat na bibingkang dala ko,” sabi ng kanyang ina. “Binilhan kita ng magandang bag. Heto. Nagpapakabait ka kasi,” sabi ng ina.

“Maraming salamat po, Nanay,” sabi ni Nora.

School ORVT Result

School Year

Name of School:_____________

Grade: ___________________ Name of District:________________

| Name of Pupils | Independent | Instructional | Frustration |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| Kabuuan | | | |

Legend:

Bilang ng Wastong Sagot at Katumbas

3-Independent

2-Instructional

1-Frustration

District ORVT Result

School Year________

Pangalan ng Distrito:_____________

Grade: ___________________ Sangay: _______________

| Name of Schools | Independent | Instructional | Frustration |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| Kabuuan | | | |

**Note : Ang kabuuan ng Distrito ay bawat grado**